

## Ulat ng Kaalaman sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Baitang K

Ang mga mag-aaral ay tinatasa batay sa kanilang nagagawang kakayahan, pamaraan, at kaisipan sa antas na baitang na nakasaad sa mga ipinatutupad na mga pamantayan ng California.

Ang mga marka sa baba't panahon ng pag-uulat ay nagpapahayag ng pagsulong ng mag-aaral tungo sa inaasahan.

### Ang Magagawa sa English Language Arts

#### Pagbasa:

##### Panitikan

- Gumagamit ng karunungan sa mga elemento ng panitikan (mga tauhan, lugar, pangunahing nagaganap), balangkas na nagsasalaysay (mga kuwento, tula, at panaginip), upang mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa kahulugan ng talata.
- Sumasali sa mga grupong pagbasa na may layunin at pang-unawa.

##### Talatang Nagbibigay-kaalaman

- Gumagamit ng mga katangian ng talatang nagbibigay-kaalaman (harapang takip, likod na takip, titulo ng pahina) upang mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa mga kuro-kuro at kaalaman sa mga talata.
- Sumasali sa mga grupong pagbasa na may layunin at pang-unawa. understanding.

#### Pagsulat: Mga Kuro-kuro, Mga Talatang Nagbibigay Kaalaman/Pagpaliwanag, at Mga Salaysayin.

- Gumagamit ng pagsasama ng pagguhit, pagsulat, at pagdikta sa mga ibinabahaging kuro-kuro at kaalaman sa mga nakikinig.
- Sa paggabay at suporta ng mga nakakatanda at kababata, lumilining at nagpapatibay ng pagsulat sa pagdagdag ng mga detalye sa kanilang pagsulat.

#### Pagsalita at Pakikinig

- Sumasali sa pinagtutulungang pag-uusap sa pagpalawak at bigyang kahulugan ang mga talata, kaisipan, at kaalaman sa iba't-ibang tagpuan at iba't-ibang kasamahan.
- Gumagamit ng salita upang mapalawak ang kakayahang magtanong at sumagot ng mga katanungan sa paghingi ng tulong, manguha ng kaalaman, o magbigay ng kaalaman.

#### Wika

- Gumagamit ng nararapat sa baitang na balarila ng Standard English (nauunawaan at gumagamit ng mga salita sa pagtanong at malimit na ginagamit na pang-ukol), mga pamantayan (pagbaybay ng mga payak na salitang pinapantig, kinikilala at binibigyang pangalan sa huli ng tuldok), wikang pinag-aaralan upang suportahan ang pagbasa, pagsulat, at pagsalita.

#### Pinababatayang Kakayahan

- Nararapat sa pag-unawa kung papaano ang printa (ang tutunguhan, kaisipan ng printa), mga tunog (magkasintunog ang 2-3 bigkas na palapantigan sa kinikilalang mga salita, ihiwalay ang simula, mga patinig at pinakahuling tunog), at wika (karaniwang malimit na mga salita, isa-isang tunog ng letra) sinisikap na mabasa ang mga binubuon ng talata ng tama at wasto.
- **Pinababatayang Kakayahan - Spanish**  
Nararapat sa pag-unawa kung papaano ang printa (ang tutunguhan, kaisipan ng printa), mga tunog (magkasintunog ang 2-3 bigkas na palapantigan sa nakikilalang salita, inihihwalay ang simula, mga patinig at huling tunog), at wika (isa-isang letrang pagsagot, at kinikilala ang gamit ng nakasulat na mabasa angbinubuon ng mga talata ng tama at wasto.

### Ang Magagawa sa Mathematics

#### Pagbilang at Pagsunod-sunod

- Bumibilang hanggang 100 ng isahan at sampuan.
- Sumusulat ng numera mula 0 hanggang 20.
- Nag-uugnay ng pagbilang na magkakasunod.
- Inihahambing ang bilang ng mga bagay sa isang grupo sa ibang grupo.
- Inihahambing ang dalawang nakasulat na numero mula 1 hanggang 10.

#### Pagsasagawa at Kaisipang Algebra

- Isinasagisag at nilulutas ang mga problemang addition at subtraction ng 10 ng mga bagay, pagguhit, tunog, mga salitang nagpapaliwanag, paglalahad at equation.
- Binubuwan ang mga numerong mababa kaysa o kapantay ng 10.
- Binubuo ang 10 kapag ibinigay ang numero mula 1 hanggang 9.

#### Numero at mga Pagsasagawa sa Pinakamababang Sampu

- Binubuo at binubuwan ang mga numero mula 11 hanggang 19.

#### Sukat at Datos

- Inilalarawan ang sinusukat na katangian ng isang bagay.
- Naghahambing ng dalawang bagay na may katangiang sinusukat upang malaman kung alin ang higit.
- Bumibilang at pinaghihiwalay ang mga bagay.

#### Geometry

- Inilalarawan ang mga bagay sa kapaligirang sa paggamit ng mga pangalan ng hubog at kaugnayang kalagayan ng mga bagay.
- Sinusuri at kinikilala ang dalawa at tatlong bahagi ng mga hugis.
- Nagmomodelo ng mga hugis sa mundo.
- Gumagawa ng mas malalaking hugis mula sa maliliit na hugis.

#### Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Mathematics

1. Gumagawa ng mga problemang may kaisipan at sinisikap na lutasin ang mga ito.
2. Nangangatuwirang nauunawaan at maramihan.

3. Bumubuo ng maaaring pagtalunan at sinusuri ang pangangatuwiran ng kapuwa.
4. Nagmomodelo sa mathematics.
5. Gumagamit ng nararapat na mga kagamitan sa tamang paraan.
6. Tumatalima sa tama.
7. Naghahanap at gumagamit ng balangkas.
8. Naghahanap at palaging nagpapahayag sa inuulit na pangangatuwiran.

#### Ang Magagawa sa History/Social Science

- Nauunawaan na ang pagiging mabuting mamamayan ay ang pagtugon sa ilang mga gawain kagaya ng pagbabahagi, nagbibigay daan, at alam ang mga kahinatnan ng paglabag sa mga tuntunin.
- Kinikilala ang mga sagisag at imahe ng bansa at estado kagaya ng watawat ng bansa at ng estado, ang bald eagle, at Statue of Liberty.
- Naitutugma ang paglalarawan ng gawain ng mga tao at mga pangalan ng mga trabaho sa paaralan, sa bayan at mula sa mga pangyayari sa kasaysayan.
- Pinagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tamang kaayusan sa paggamit ng kalendaryo, paglagay ng mga araw, linggo, at buwan sa tamang ayos.

#### Ang Magagawa sa Agham (Science)

##### Physical Sciences

- Nagmamasid, sinusukat, at naglalarawan ng mga katangian (pag-aari) ng mga bagay.

##### Life Sciences

- Nagmamasid, naghahambing at naglalarawan ng iba't-ibang katangian ng mga halaman at hayop.

##### Earth Sciences

- Alam na ang Daigdig ay binubuo ng lupa, hangin, at tubig.

#### Ang 8 Kaugalian sa Science at Engineering (na nabalangkas sa Next Generation Science Standards) para sa bawa't antas na baitang:

1. Nagtatanong ng mga katanungan (para sa agham) at nagpapaliwanag ng mga problema (para sa engineering).
2. Bumubuo at gumagamit ng modelo.
3. Nagbabalangkas at gumagawa ng pagsisiyasat.
4. Sumusuri at nagbibigay kahulugan sa datos.
5. Gumagamit ng kaisipang mathematics at pag-compute.
6. Bumubuo ng pagpapaliwanag (sa agham) at bumabalangkas ng mga kalutasan (para sa engineering).
7. Sumasali sa pagtatalo mula sa katibayan
8. Nangunguha, sumusuri, at nakikipag-ugnayan sa mga kaalaman.

#### Ang Magagawa sa Visual and Performing Arts

##### Sayaw, Tugtog, Teatro, Mga Sining sa Paningin

- Sayaw: Nagpapamalas ng maraming paggalaw.
- Tugtog: Kumakanta at nagpapamalas ng galaw, indayog, at sigla.
- Teatro: Gumagamit ng katawan, mukha, at boses upang ipakita ang isang kalagayan.
- Mga Sining sa Paningin: Kumikilala ng guhit, kulay, hugis, at huwaran.

#### Ang Magagawa sa Physical Education

##### Mga Kakayahan at Huwaran sa Paggalaw

- Nagpapamalas at kinikilala ang mga karaniwang kakayahan sa pagkilos at hindi pagkilos, (pagtakbo, paglukso, pagpihit, pagyuko, pagwaksi, atbp.) kabilang ang tamang paraan ng pagsamasama ng magagawang mga kakayahan.

##### Physical Fitness

- Nagpapamalas ng malumanay hanggang maliksing mga paggalaw tatlo hanggang apat na beses isang linggo.
- Bumubuo at nagpapatuloy ng mga kakayahang pampalakas at pampatibay sa pangangatawan.
- Naglalarawan ng mga gawaing nagpapasaya at naghahamon, kumikilala ng mga bahagi ng katawan, ginagamit ang kalamnan, at ang pangangailangan ng pagbinat at ang ibinibigay ng tamang pagkain

#### Ang Magagawa sa Kalusugan

- Paglinang sa karunungan sa kalusugan sa pamamagitan: pagtanggap ng sariling tungkulin para sa habang buhay na kalusugan; paggalang para at pagtaguyod sa kalusugan ng kapuwa; pag-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad; paggamit sa mga kaalaman, produkto at paglilingkod na pangkalusugan.

#### Para sa English Learners: English Language Development (ELD)

- Umaasa ang mga English learners na magiging marunong sa wikang English. Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumulong ng isang antas ng karunungan sa wikang English bawa't taon. Ang mga antas ng karunungan sa wikang English ay nakasaad sa California ELD Standards.
- Ang Expected Overall Proficiency Level (OPL) ay tumutukoy sa pinakamababang inaasahan sa mag-aaral sa overall English language proficiency sa katapusan ng kasalukuyang taon, at batay sa unang antas ng karunungan sa wikang English ng mag-aaral sa pagpasok sa distrito.
- Isinulat na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa isinulat na pahayag ng mag-aaral (isinulat sa wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat.*
- Binigkas na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa binigkas ng mag-aaral (pagsalita ng wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat.*
- Ang pagsulong ay makikita sa paghahambing ng Isinulat at Binigkas na Pahayag para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat hanggang sa katapusan ng taong inaasahang OPL.

DRAFT